

Pagkai para sa Lahat

Kumuha ng Pagkain

LIBRENG GROSERIYA LINGGU-LINGGO

 (415) 825-3663  FoodLocator.SFMFoodBank.org

Kami ay namimigay ng sariwang groseriya linggu-linggo sa maraming lokasyon sa buong San Francisco at Marin. Tumawag upang malaman ang libreng paminggalan ng pagkain na malapit sa iyo. Mangyaring magdala ng iyong pagkakakilanlan (ID na may larawan mo) at patunay sa adres ng tirahan kung hindi tugma sa kasalukuyang adres na nasa iyong ID.

Sino ang karapat-dapat? Mga naninirahan sa San Francisco at Marin.

BIGLAANG PANGANGAILANGAN NA PAGKAIN

 (415) 825-3663  FoodLocator.SFMFoodBank.org

Kung ikaw ay nangangailangan ng dagliang tulong pang-pagkain, karapat-dapat kang makatanggap ng mga pagkaing maaring iimbak para sa tatlong araw na biglaang pangangailan.

Sino ang karapat-dapat? Ang serbisyong ito ay para sa biglaang pangangailangan at ito ay maari lamang matanggap minsan sa loob ng labing dalawang (12) buwan.

PANDAGDAG NA PAGKAIN PARA SA MGA MATATANDA

 (415) 825-3663  FoodLocator.SFMFoodBank.org

Ang mga matatanda na mababa ang kita ay maaring maging karapat-dapat na makatanggap ng isang kahon ng dekalidad, na maaring iimbak na pagkaing gaya ng tuna, beans, peanut butter, at gulay sa lata. Ang mga lugar ng pamamahagi ay matatagpuan sa San Francisco at Marin.

Sino ang karapat-dapat? Mga matanda na hindi bababa sa animnapung (60) taong gulang na may tiyak na panuntunang kita; tumawag upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat.

GROSERIYANG HATID-BAHAY



 (415) 824-3663  HDG@sfmfoodbank.org

Kung ikaw ay nakakaranas ng pagsubok sa paglabas upangkumuha ng pagkain, maari kang makatanggap ng groseriyang hatid-bahay.

Sino ang karapat-dapat? Nakakatanda, may sapat na gulangna may kapansanan, nagdadalamng-tao, pamilya na may mga alagang bata na hindi lalagpasng 4 taon, at pamilyang may mga anak na maykapansanan na naninirahan sa San Francisco o MarinCounty. Tumawag upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat.

Paglapit sa mga Pinagkukunan

TULONG SA PAGPAPATALA SA CALFRESH

 (415) 824-3663  SFMFoodBank.org/apply-for-calfresh

CalFresh, dating kilala bilang food stamps, ay isang programang tulong pangkalusugan para sa mga pamilya at indibidwal na may mababang kita. Ang mga benepisyo ay idinideposito buwan-buwan sa isang EBT kard, na gumagana katulad ng isang debit kard. Ang EBT kard ay maaaring gamitin upang bumili ng pagkain sa mga pamilihing pang-groseriya, maliliit na tindahan, at kahit sa palengke ng mga magsasaka. Ang pagtanggap ng CalFresh ay hindi nakakaapekto sa estadong pang-imigrasyon ng tatanggap.

Tawagan ang numero ng teleponong nasasaad sa itaas upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat sa CalFresh! Ang tauhan ng Bangko ng Pagkain ay handang tulungan ka sa proseso ng iyong pagpapatala.

PAG-AARAL NG NUTRISYON

 SFMFoodBank.org/nutritioned

Gusto mo bang kumain ng mas mabuti, ngunit hindi mo alam kung saan magsisimula? Bisitahin ang www.EatFresh.org para sa masustansya, masarap, mabilis lutuing putahe na ginagamitan ng karamihan sa mga pagkaing ipinamimigay sa aming lingguhang paminggalan. Makakakita ka din ng mga tip sa pagtitipid sa pamimili.

BOLUNTARYO

 (415) 282-1900 x244  SFMFoodBank.org/volunteer

Gumawa ng aktuwal na pagbabago! Kapag ikaw ay nagboluntaryo sa Bangko ng Pagkain sa San Francisco o Marin, ikaw ay tutulong sa pagsasaayos at pagbabalot ng mga pagkain para sa mga paminggalan ng kapitbahayan, programang pang-meryenda para sa mga bata, at mga maliit na kusinaan. Ang mga maliit na bata ay malugod na pinahihintulutan tuwing katapusan ng linggo.

MAG-ABULOY NG PAGKAIN

 (415) 282-1907 x350  SFMFoodBank.org/Food-Fund-Drives

Manguna sa Kampanya para sa Pagkain at Pondo sa iyong opisina, eskwelahan, samahan, o relihiyosong kapisanan. Ito ay mahalagang paraan upang maitaas ang kamalayan tungkol sa pagka-gutom at mapakilos ang iyong komunidad upang makapagbigay ng pagkain para sa mga kapitbahay na nangangailangan.

MAG-ABULOY SA PONDO

 (415) 282-1907 x249  SFMFoodBank.org/Donate

Ang iyong mahalagang suporta ay nagsisigurong ang Bangko ng Pagkain ng SF-Marin ay makapagbibigay ng sariwa at masustansyang pagkain sa mga kapitbahay na nangangailangan.

SF-Marin Food Bank • 900 Pennsylvania Avenue, San Francisco, CA 94107 • (415) 282-1900
SFMFoodBank.org • info@SFMFoodBank.org • [@SFMFoodBank](https://twitter.com/SFMFoodBank)

Ang Bangko ng Pagkain ay hindi lumalabag sa batas na nagdidiskrimina ng batay sa lahi, kulay, relihiyon, pananampalataya, pambansang lahi, ninuno, pagkamamamayan, edad, kasarian, pangkaisipan o pisikal na kapansanan, estadong pangbeterano, estadong pangkasal, o oryentasyong sekswal.